

Kagawaran ng Edukasyon
Araling
Panlipunan 7
Kaisipang Asyano sa Paghubog
ng Sinaunang Kabihasnán
Ikalawang Markahan – Ikalimang Linggo



Novelita A. Barrio at Judelle P. Gonzalo

Manunulat

Ma. Martha R. Ullero

Tagasuri

Marlyn B. Latina at Felipa R. Dawa

Katibayan ng Kalidad



Schools Division Office – Muntinlupa City

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City

(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



INAASAHAN

Ang Kabihasan ay nakatutulong sa pagkakakilanlan ng isang nasyon. Marahil ay maraming tanong sa ating kaisipan tungkol dito at sa mga pangyayaring naganap nang sumibol ang kabihasan sa Asya. Paano nga ba nabuo ang sinaunang kabihasan sa Asya? Naniniwala ka ba na ang pilosopiya, relihiyon at kaisipang Asyano ay may kinalaman sa pag-usbong at pagunlad ng kabihasnang Asyano?

Sa modyul na ito ay iyong aalamin ang pag-unawa sa kaisipang Asyano, pilosopiya at relihiyon na nagbigay-daan sa paghubog ng sinaunang kabihasan sa Asya at sa pagbuo ng pagkakakilanlang Asyano. Bagamat may kaniya kaniyang katangian ang kultura ng bawat bansa sa Asya, mababakas din ang ilang pagkakatulad ng mga ito sa isa't isa. Tutuklasin din sa modyul na ito ang impluwensiya ng mga bansa sa isa't isa kung paano nagbunga ang kanilang pakikipag-ugnayan sa kalapit na rehiyon at bansa. Pagkatapos makuha ang kinakailangang mga kaalaman ikaw ay inaasahang kritikal na nakapagsusuri sa mga kaisipang Asyano, pilosopiya at relihiyon na nagbigay daan sa paghubog ng sinaunang kabihasan sa Asya at sa pagbuo ng pagkakakilanlang Asyano.

LAYUNIN

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN

Ang mag-aaral ay... naipamamalas ng mag-aaral ang pagunawa sa ugnayan ng kapaligiran at tao sa paghubog ng sinaunang kabihasnang Asyano.

PAMANTAYAN SA PAGGANAP

Ang mag-aaral ay... malalim na nakapaguugnay-ugnay sa bahaging ginampanan ng kapaligiran at tao sa paghubog ng sinaunang kabihasnang Asyano

PAMANTAYAN SA PAGKATUTO:

MELC AP7 Q2_W5 * Napapahalagahan ang mga kaisipang Asyano na nagbigay-daan sa paghubog ng sinaunang kabihasnang sa Asya at sa pagbuo ng pagkakakilanlang Asyano.



UNANG PAGSUBOK

Panuto: Basahin ang bawat pangungusap at isulat ang tamang letra sa patlang.

___1. Ang isa sa pangunahing “virtue” na dapat taglayin ayon sa katuruan ng Confucianism ay

A. Pagiging matalino

C. Pagiging mapagbigay

B. Paggalang sa magulang

D. Pagiging talentado

___2. Ang tawag sa nakagawian ng pangkat ng tao sa isang pamayanan na naisasalin sa susunod na henerasyon.

A. Pagpapahalaga

B. Pilosopiya

C. Relihiyon

D. Tradisyon

___3. Ang pilosopiya ay nakatuon sa pagkakaroon ng tamang asal at moralidad at pagsusulong sa mabuting pamamahala.

A. Animism

B. Confucianism

C. Legalism

D. Taoism

___4. Ang mga pinunong sumusunod sa pilosopiyang ito ay kinatakutan dahil sa paggamit ng kamay na bakal upang mapasunod ang kanilang mga nasasakupan.

- A. Animism B. Confucianism C. Legalism D. Taoism

___5. Ito ay nagmula sa salitang latin na re-ligare na ang ibig sabihin ay pagbubuklod at pagbabalik loob_____

- A. Kultura C. Relihiyon
B. Pilosopiya D. Tradisyon

___6. Ang piyesta ay ipinagdiriwang sa iba’t ibang lugar ng Pilipinas. Ito ay isang halimbawa ng _____

- A. Lipunan B. Pamahiin C. Relihiyon D. Tradisyon

___7. Isa sa paniniwala ng Taoism ay tinatawag na “wu wei” na ang ibig sabihin ay_____

- A. hindi pagbalik B. hindi pagdasal C. hindi pagkilos D. hindi pagsulat

___8. Ang pilosopiyang ito ay nakatuon sa paglilingkod ng mga mamamayan sa estado. Ito ay ang_____

- A. Buddhism B. Confucianism C. Legalism D. Taoism

___9. Ang pangunahing relihiyon sa India na ang mga Aryan ang unang tribong sumampalataya_____

- A. Hinduismo B. Islam C. Jainism D. Shintoismo

___10. Isang batang prinsipe taga India na naglakbay upang matamo ang “kaliwanagan” sa pamamagitan ng paglayo sa mapilya at pag iwan sa karangyaan, luho o masarapna buhay.

- A. Confucius C. Lao Tzu
B. Han Feizi D. Sidharta Gautama

II. Panuto: Pagtugmain ang Relihiyon na nasa Hanay A sa Hanay B. Kung sino ang nagpakilala nito. isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang

- | | |
|------------------------|---------------------|
| A | B |
| ___11. Buddhism | A. Zoroastero |
| ___12. Confucianism | B. Han Feizie |
| ___13. Legalism | C. Lao Tzu |
| ___14. Zoroastrianismo | D. Confucius |
| ___15. Taoism | E. Sidharta Gautama |



BALIK-TANAW

Gawain 1: Plaskard Deskripyon

Panuto: Magbigay ng isang mahalagang ideya o KONSEPTO sa patlang tungkol sa mga sumusunod na plaskard.

- | | |
|------------|----------|
| ZHONGGUO | 1. _____ |
| AMATERASU | 2. _____ |
| KOWTOW | 3. _____ |
| CAKRAVATIN | 4. _____ |
| IZANAMI | 5. _____ |

Gabay na Tanong:

*Base sa mga nakasulat sa plaskard, ano naging impluwensya nila sa pagbuo ng Kaisipang Asyano?



PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Gawain 2: Larawan Suri

Panuto: Suriin mabuti ang larawan at isulat kung ito ay tradisyon, pilosopiya, relihiyon, pananaw o paniniwala. Isulat ang inyong sagot sa patlang.



<https://tinyurl.com/y2w6n5mm>



Christianity
Dharmic
Christianity
Christianity
Hinduism



Islam
Jainism
Jainism
Judaism
Paganism

<https://tinyurl.com/y2lcyrju>

1. _____
2. _____
3. _____



<https://tinyurl.com/y59ellfd>



<https://tinyurl.com/y4ymqba>



<https://tinyurl.com/yyhrtoaqk>

4. _____
5. _____

Nais mo bang mabatid kung anu-ano ang mahahalagang Kaisipang Asyano sa pagbuo ng bawat imperyo sa kasaysayan at sibilisasyon? Kung gayon ay basahin at unawain ang mga Imperyo sa Asya sa ibaba.

Kaisipang Asyano sa Pagbuo ng Imperyo

Kahalagahan ng Kaisipang Tsino sa Pagtatag ng China

1. Asyan- Centric- Naniniwala silang mas mataas ang kanilang antas ng katayuan sa daigdig kaysa sa ibang lahi. Dahil sa kaisipang ito, naniniwala silang mas mataas ang kanilang antas ng katayuan sa daigdig, kaysa sa ibang mga lahi. Naniniwala din sila na ang TSINA ang SENTRO ng Daigdig, na lahat ng pangyayari ay nakatuon sa TSINO at nakasunod lamang ang ibang bansa sa kanila.

2. Euro-Centric- Sentro ng daigdig na lahat ng pangyayari ay nakatuon sa Tsino at nakasunod lamang ang ibang bansa sa kanila

Kaisipang Asyano

1. Tradisyon - mga nakagawian ng pangkat ng tao sa isang pamayanan na naisasalin sa susunod na henerasyon. Tulad ng pyesta, pagdiriwang ng Pasko, pamamanata.

2. Pilosopiya -nagmula sa salitang Griyego na philo at sophia. Philo na nangangahulugang “**pagmamahal**” at sophia na ang ibig sabihin ay “karunungan” Samakatuwid ang Pilosopiya ay pagmamahal sa karunungan. Binubuo ng mga paniniwala, prinsipyo at layunin ng tao na maipapakita sa kanyang kaasalan sa lipunan.

3. Relihiyon - nagmula sa salitang latin na re -ligare na ang ibig sabihin ay pagbubuklod at pagbabalik loob. Ayon sa kasaysayan halos lahat ng mga relihiyon ay nanggaling sa Asya na tinaguriang sinilangan ng relihiyon sa daigdig.

Mga Pilosopiya sa Asya

1. Confucianism- itinatag ni Confucius sa Shantung China, noong ika-6 hanggang ika-5 BCE. Ang turo niya ay makikita sa kaniyang libro na Four Books at Five Classics.

- ◆ Pinasimulan ni **Confucius** o kilala rin bilang **K'ung-fu-tzu (Kongfuzi)** na nangangahulugang “**Master Kung**”.
- ◆ Ang **GOLDEN RULE** ay hango sa mga turo ni Confucius na nagsasabing: “Do unto others, what you want others to do unto you; DO NOT DO unto others what you DON'T want others to Do unto you.” Ano naman ang ibig sabihin ng kaisipan ng GOLDEN RULE o ang mga turo ni CONFUCIUS? Ibig sabihin: gawin mo sa kapwa mo ang gusto mong gawin rin nila sa iyo; samantala, huwag mo namang gawin sa kapwa mo ang ayaw mong gawin nila sa iyo.”
- ◆ Nakatuon ang Confucianism sa pagkakaroon ng tamang asal at moralidad at pagsusulong mabuting pamamahala.
- ◆ Naging tanyag ang pilosopiya ni Confucius at nagsilbing pangunahing batayan ng lipunang Tsino ang kanyang aral.
- ◆ Ayon kay Confucius, ang isang ideyal na lalaki ay tinatawag na **shi o iskolar**.
- ◆ Ipinagmamalaki ng mga Tsino ang Kanilang Nasyon. Nag-uugat ito Sa katotohanang ang kabihasan nilang umusbong sa HUANG HO. Ang isa sa mga sinaunang kabihasan ng daigdig. Ang sinaunang kabihasan ng Tsino ay hango sa mga turo ng pilosopong si CONFUCIUS. Subalit maliban sa pilosopiya ng CONFUCIANISM, ang mataas na pagtingin ng mga Tsino sa kanilang sarili ay bunga rin ng kanilang hindi matatawarang ambag sa Daigdig sa larangan ng Pilosopiya, Kaisipan, at Imbensyon.
- ◆ Five Classics
 1. Classic of Changes - orihinal na ginamit para sa divination o upang mabatid ang mga darating na pangyayari.
 2. Book of History - kalipunan ng mga talumpati at talakayan.
 3. Classic of Odes - kalipunan ng mga awiting bayan at tulang panseremonya.
 4. Classic of Rites - talakayan ng mga alituntunin sa pag-uugali at sa seremonyang pampubliko at pribado.
 5. Spring and Autumn Annals - ulat o tula ng estado ng Lu.
- ◆ Limang Relasyon sa Lipunan
 1. emperador sa mga nasasakupang mamamayan.
 2. ama sa anak na lalaki
 3. asawang lalaki, sa asawang babae
 4. nakatatandang kapatid na lalaki sa nakababatang kapatid na lalaki
 5. kaibigan sa kaibigan
- ◆ Ilan sa mga pangunahing virtue na dapat taglayin
 1. kagandahang loob
 2. kagandahang asal o dekorum
 3. pagkamakatuwiran at pagkamakatarungan
 4. paggalang sa magulang
- 2. Taoism**- itinatag ni Lao Tzu, Isinilang siya noong 500 BC sa Hunan sa Timog China. Siya ay nagtrabaho sa Imperial Library.

- ◆ Sa kaniyang simpleng pamumuhay natuto siyang sumunod sa tinatawag niyang **Tao**, na ang ibig sabihin ay **“Ang Daan”**. Siya ay naniniwalang ang mabuting paraan ng pamumuhay ng isang tao ay magdadala ng kapayapaan. Ang Tao ang nag-uugnay at nag-iisa sa lahat ng bagay sa sanlibutan.
- ◆ Naging tanyag sa China noong panahon ng dinastiyang Zhou.
- ◆ Itinatag ni Lao Tzu, na nangangahulugang **“Old Master”**.
- ◆ Isa sa paniniwala nila ang **wu wei**, **“hindi pagkilos”**. Ayon dito, hindi kailangang ipilit o ipuwersa ng tao ang ano man, sapagkat ang lahat ay mangyayari nang naayon sa Tao.
- ◆ Para sa mga Taoist, ang paghahangad ng kapangyarihan at kaalaman at pagtatangka ng tao upang makontrol at mapagharian ang kalikasan.
- ◆ Nakapaloob ang mga aral ng Taoism sa **Dae de Fing o The Book of the Way of Virtue**.
- ◆ Ang simbolo ng yin at yang ay nagpapakita ng balanse sa kalikasan at daigdig.
 - ***Yin** sa aspektong pambabae: malambot at kalmado. Kumakatawan din ito sa kadiliman.
 - ***Yang** sumisimbolo sa aspektong panglalaki; matigas at masigla.



- Kumakatawan ito sa kaliwanagan. Kapag nawala ang balanse ng yin at yang ay magkakaroon ng kaguluhan.

<https://tinyurl.com/y5yq79ss>

3. Legalism - isa pang pilosopiyang umusbong sa China noong panahon ng Dinastiyang Zhou. Nabuo noong 4B.C.E. Sa ilalim ng pilosopiyang ito, pinakamahalaga ang pagpapatatag at pagtatanggol ng estado.

- ◆ Sina Shang at Han Feizi ang tagapagtatag ng pilosopiyang ito. Si Shang ay isang mahusay na administrador. Napasunod niya ang kanyang mga pinamumunuan sa pamamagitan ng malulupit at mahihigpit sa patakaran.
- ◆ Si **Han Feizi** naman ay bumuo ng kaisipan tungkol sa pagpapatakbo ng pamahalaan.
- ◆ Tuon ng legalism ang paglilingkod ng mga mamamayan sa estado. Isang karangalan para sa kanila ang maglingkod bilang magsasaka. Isinantabi nila ang mga gampanin tulad ng pagiging mangangalakal, artisano, pilosopo o iskolar sa paniniwalang hindi ito kapakipakinabang sa estado.
- ◆ Naipatayo ang Great Wall of China sa pamamagitan ng sapilitang pagtatrabaho. Maaraming Tsino ang namatay dahil sa malupit na patakaran ito.
- ◆ Shi Huangti - emperador ng dinastiyang Chin. Niyakap niya ang legalism. Ipinasunod niya ang mga aklat ng Confucianism at nagpagawa ng mga bagong aklat na naglalagay sa kaniya bilang unang emperador ng China.
- ◆ Ang mga pinunong sumusunod sa Legalism ay kinatakutan dahil sa paggamit ng kamay na bakal upang mapasunod ang kanilang mga nasasakupan.

Mga Relihiyon

1. **Hinduismo** – ang pangunahing relihiyon sa India na ang mga Aryan ang unang tribong sumampalataya. Naniwala sa mga diyos-diyosan na kalaunan ay napalitan ng pagsamba kay Brahma.

- ◆ Shiva -Diyos ng Hinduism. Kinikilalang diyos ng pag- aanak at sinisimbolo ang isang linga, isang baton o korteng bahagi ari ng lalaki.

Veda- ang banal na kasulatan sa Hindu na nagturo kung paano magkaroon ng mahaba at mabuting buhay ang mga tao.

Paniniwala: Pagkakabuklod at pagkakaisa ng mga bagay sa kapaligiran na nagdadala ng pagkakaisang ispirital, pagmamahal, paggalang, at pagrespeto sa lahat ng bagay na may buhay, espiritu o kaluluwa.

Polytheism- sumasampalataya sa iba't ibang uri at anyo ng diyos.

***Sistemang Caste**

1. Brahmin - binubuo ng mga pari na nagsisilbing pari
2. Kshatriya - ang mga maharlika at mandirigma
3. Vaisya - mangangalakal, artisan, magsasakang may lupa
4. Sudra - magsasakang walang sariling lupa, Dravidian, inapo ng Aryan na nakapag-asawa ng hindi Aryan.

2. **Buddhism**- ay itinatag ni Sidharta Gautama, isang batang prinsipe na isinuko ang karangyaan, luho at masarap na buhay, iniwan ang pamilya naglakbay upang mahanapang “kaliwanagan”.

- ◆ Mahalaga ang pagkamit ng kabutihan upang malinis ang sarili at maging karapat-dapat na makamtan ang nirvana o estado ng pagkawala ng paghihirap at pagtatapos ng siklo ng kapanganakan at kamatayan.
- ◆ **Borobudur** - pinakadakilang monumentong Buddhist na itinayo sa Central Saba, Indonesia. nagmula sa wikang Sanskrit na Buhmian Bhara Budhara (Mountain of Accumulation of Merits of the States)

Dalawang Paghahati ng Buddhism:

- A. **Mahayana Buddhism**- kinilala si Buddha bilang diyos na tagapagligtas mula sa guro.
- B. **Theravada Buddhism**- kinilala si Buddha bilang guro at banal na tao.

***Eightfold Path/ Walong Wastong Landas**- Ang mga landasing ito ang gagabay sa kalagayang pangkaisipan, pangmoral at pang-ispiritwal ang bawat nilalang.

1. Tamang pag-iisip.
2. Tamang pananaw.
3. Tamang intensyon.
4. Tamang pagsasalita.
5. Tamang pagkilos.
6. Tamang hanapbuhay.
7. Tamang pang-unawa.
8. Tamang konsentrasyon.

***Four Noble Truths/Apat na Katotohanan**

1. Ang buhay at paghihirap ay hindi mapaghihiwalay.
2. Ang sanhi ng paghihirap ay pagnanasa sa kapangyarihan.
3. Maaalis ang paghihirap kung aalisin ang pagnanasa.
4. Maalis ang pagnanasa kung susunod sa Walong Wastong Landas.

3. **Jainismo**- itinatag ni Rsabha na naniniwalang ang buhay ng bawat tao ay may layuning makalaya ang kaluluwa sa pagkabuhay, pagkamatay at muling pagkabuhay.

4. **Sikhismo**- itinatag ni Guru Nanak, sila ay naniniwala sa reinkarnasyon at sa pag-akyat mg mga kaluluwa mula sa mababang antas pataas.

5. **Judaismo**- isa sa pinakamatandang relihiyon sa daigdig na naniniwala sa iisang diyos (monotheism)

6. **Kristiyanismo**- relihiyong batay sa buhay at turo ni Kristo Hesus.

7. **Islam**- relihiyon ng mga Muslim na galing sa salitang Arabic, **Salam** na ang ibig sabihin ay “kapayapaan”

5 Pillars of Islam

1. Shahadah - pananalig
2. Salat - pagdadasal ng limang beses sa isang araw.
3. Zakat - paglimos at pagtulong sa kapwa
4. Sawm - pag-aayuno
5. Hajj - paglalakbay sa Mecca. Ayon sa Koran, ang sinumang magkasala ay nagkakasala sa kanyang sarili.

- Pwedeng mag asawa ng higit sa isa.

8. **Zoroastrianismo**- ipinalaganapni Zoroastero pinaniniwalaan nila na ang buhay ng tao sa daigdig ay pagtahak patungo sa kabutihan o kasamaan.

9. **Shintoismo**-ang tawag sa paniniwala ng mga Hapones tungkol sa diyos ng araw at iba pang diyos ng kalikasan.



<https://tinyurl.com/y26qqdkb>

<https://tinyurl.com/yxkyfgl7>

<https://tinyurl.com/ybqqw8dm> ,Kelvin Kent Giron June 13, 2017

<https://tinyurl.com/y5fdeh62>, Maesie dela Pena, 7:51mins, October 27, 2019



GAWAIN

Gawain 3: My Point of View

Panuto: Magbigay ng sariling opinyon kung ikaw ba ay sumasang-ayon o hindi at Ipalawanag.

1, Golden Rule (Gawin mo sa kapwa mo ang gusto mong gawin nila sa iyo. Samantala huwag mo naman gawin sa kapwa mo ay ayaw mong gawin sa iyo)

2. Sinocentrism (Kung saan kinikilala na mga Tsino sa kanilang pananaw, na sila ang superyor sa lahat) _____

3. Taoism (Naniniwalang ang mabuting paraan ng pamumuhay ng isang tao ay magdadala ng kapayapaan) _____

4. Zoroastrianismo (Pinaniniwalaan nila na ang buhay ng tao sa daigdig ay pagtahak patungo sa kabutihan o kasamaan) _____

5. Hinduismo (Pagkakabuklod at pagkakaisa ng mga bagay sa kapaligiran na nagdadala ng pagkakaisang ispiritwal, pagmamahal, paggalang, at pagrespeto sa lahat ng bagay na may buhay, espiritu o kaluluwa.) _____

Mga Gabay na Tanong:

1. Gaano kahalaga ang iba't ibang Kaisipang Asyano sa ating pamumuhay at lipunan?

2. Sa iyong palagay, anong katuruan o kaisipang Asyano ang maari mong isabuhay? Bakit?



TANDAAN

Malalaki ang naging gampanin ng pilosopiya at relihiyong nagmula sa Asya sa buhay ng tao mula sa larangan ng lipunan, sining, kultura at pulitika. Ayon sa kasaysayan halos lahat ng mga relihiyon sa mundo ay nagmula sa Asya. Sa lawak ng mga teritoryong sakop at sa kapal ng tao na mga naniniwala malaki ang dahilan upang tawagin ang Asya na sinilangan ng relihiyon sa daigdig.

Iba't iba mang Kaisipang Asyano ang ating nalaman at natutunan. Ito ay sumasalamin lamang ng ating mga kultura, tradisyon, relihiyon o paniniwalang ating kinagisnan.



PAG-ALAM SA NATUTUHAN

Gawain; Sign Me Up

Panuto: Magbigay ng tig isang sagot sa bawat kolum upang mabuo ang tsart.

Kaisipang Asyano	Halimbawa	Kahalagahan ng Kaisipang Asyano
Tradisyon		
Pilosopiya		
Relihiyon		



PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT

I. Tama o Mali: Panuto: Tukuyin kung katotohanan ang pahayag sa bawat bilang at isulat ang salitang **TAMA** at kung nagpapahayag ng hindi katotohanan ay isulat ang salitang **MALI** sa patlang.

- _____ 1. Ang simbolo ng yin at yang ay nagpapakita ng balanse sa kalikasan at daigdig.
- _____ 2. Si Confucius ay naniniwalang ang mabuting paraan ng pamumuhay ng isang tao ay magdadala ng kapayapaan.
- _____ 3. Ayon sa katuruan ng Budismo, mahalaga ang pagkamit ng kabutihan upang malinis ang sarili at maging karapat-dapat na makamantan ang nirvana o estado ng pagkawala ng paghihirapat pagtatapos ng siklo ng kapanganakan at kamatayan.
- _____ 4. Ang mga pinunong sumusunod sa Legalism ay kinatakutan dahil sa paggamit ng kamay na bakal upang mapasunod ang kanilang mga nasasakupan.
- _____ 5. Ang Kristiyanismo ay batay sa buhay at turo ni Kristo Hesus.

II. PANUTO: Piliin ang letra ng tamang sagot.

6. Paniniwalang ang kaluluwa ay muling nabubuhay sa may mataas o mababang kalagayan sa lipunan batay sa kabuuang kilos ng tao.

- A. Anito B. Karma C. Nirvana D. Reinkarnasyon

7. Pinaniniwalaan na ang relihiyon ay nag-ugat sa Judaismo kung saan si Kristo Hesus ang ipinangakong Mesias at manunubos at Bibliya ang pamantayan ng kanilang pananampalataya.

- A. Budismo B. Islam C. Hinduismo D. Kristyanismo

8. Ang emperador ay pinipili ng langit upang mamuno na may itinakdang kasaganaan at kapayapaan. Anong paniniwala ang nakapaloob dito?

- A. Budismo B. Divine Origin C. Reincarnation D. Son of Heaven

9. Isang pilosopiya na nakatuon sa pakikiayon at pakikipag-isa sa kalikasan.

- A. Confucianism B. Fascism C. Legalism D. Taoism

10. Isang pilosopiya na nakatuon sa pagpapabuti ng ugali sa pamamagitan ng mga virtue ng kagadahang loob, tamang pag-uugali at pagkagalang.

- A. Confucianism B. Fascism C. Legalism D. Taoism

11. Alin sa mga sumusunod na relihiyon ang may konseptong monoteismo?

- A. Budismo B. Hinduismo C. Legalismo D. Shintoismo

12. Itinatag ni Muhammad ang Islam na ang ibig sabihin ay pagsuko ng sarili kay Allah, Muslim ang tawag sa taong isinuko kay Allah. Saan nakapaloob ang kanilang pangunahing katuruan?

- A. Eight Fold Path C. Four Noble Truths
B. Five Pillars D. Ten Commandments

13. Ano ang tawag sa sistema ng pagpapangkat-pangkat ng tao sa lipunang India na binubuo ng Brahmin, Kshatriya, Vaisha at Sudras?

- A. Aristokrata B. Caste C. Karma D. Suttee

14. Ang banal na kasulatan sa Hindu na nagturo kung paano magkaroon ng mahaba at mabuting buhay ang mga tao.

- A. Karma B. Nirvana C. Shiva D. Veda

15. Ang mga landasing ito ang gagabay sa kalagayang pangkaisipan, pangmoral at pang-ispiritwal ang bawat nilalang.

- A. Eight Fold Path C. Four Noble Truths
B. Five Pillars D. Ten Commandments

Sanggunian

A. Aklat

- Grace Estela C Mateo Ph.D., et. al., Asya: Pag-Usbong ng Kabihasan, Vibal Publishing House Quezon City, 2008, pp. 144-153

- Rosemarie C. Blando, et al. Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba,, Eduresources Publishing, Inc., DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City 2014, pp.137-139, pp.142-144, pp.155-162

B. Modyul

- Project EASE (Effective Alternative Secondary Education) Araling Panlipunan II, Heograpiya Modyul I, Bureau of Secondary Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City

C. Website

<https://asiasociety.org>education>, copyright:wwwbrigeimages

<https://www.slideshare.net>, <https://www.academia.edu>

aralingasya.blogspot.com, <https://www.marvicrm.com>

Susi sa Pag-uawala
Unang Pagsubok: 1.B, 2.D, 3.C, 4.C, 5.C, 6.D, 7.C, 8.C, 9.A, 10.D, 11.E, 12.D, 13.B, 14.A, 15.C
Pangwakas na Pagsusultil: 1.1.TAMA, 2.MALI, 3.TAMA, 4.TAMA, 5.TAMA, 6.D, 7.D, 8.B, 9.D, 10.A, 11.A, 12.B, 13.B, 14.D, 15.A